# iFilipino 2 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I. Pagpili**. Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Sa maikling kuwento na "Ang Bagong Kaibigan", paano tinanggap ng mga mag-aaral ang bagong kaklase na si Nilo?
   a. Binati nila ito ng masaya
   b. Hindi nila ito pinansin
   c. Binigyan nila ito ng regalo

2. Ano ang kahalagahan ng kasanayan sa pagbibigay ng wastong kahulugan sa salita?
   a. Ito ay nakatutulong sa paraan ng pagsulat
   b. Ito ay nakatutulong sa kasanayan ng wastong pagbaybay
   c. Ito ay nakatutulong upang higit na maunawaaan ang akdang binasa.

3. Anong uri ng aklat ang naglalaman ng mga salita kasama ang mga kahulugan nito?
   a. Ensayklopedya
   b. History Book
   c. Diksyunaryo

4. Ito ay mga kuwento tungkol saan nagmula ang isang bagay.
   a. Pabula
   b. Maikling kwento
   c. Alamat

5. Sa pabula na "Ang Agila at ang Maya", bakit natalo si Agila?
   a. Dahil siya ay nagyabang kay Maya
   b. Nabasa ng ulan ang bulak na dala niya at bumigat ito
   c. Napilay ang isa niyang pakpak

6. Ito ay galaw at buka ng bibig at dila.
   a. Pantig
   b. Baybay
   c. Pagpapalit ng tunog

7. Sa alamat na "Alamat ng Sampaguita", paano inilarawan si liwayway sa binasang akda?
   a. Mabait
   b. Maganda
   c. Masipag

8. Anong bagong salita ang makukuha sa salitang **inhinyero**?
   a. Yero
   b. Inhin
   c. Nyero

9. Anong bagong salita ang makukuha sa salitang **panaginip**?
   a. Ginip
   b. Agin
   c. Pana

10. Anong kasarian ng pangngalan ang *cellphone*?
    a. Walang Kasarian
    b. Babae
    c. Di-tiyak

11. Anong kasarian ng pangngalan ang Ginoo?
    a. Lalaki
    b. Di-tiyak
    c. Walang kasarian

12. Sa pabulang "Ang Inahing Manok at ang kanyang Sisiw", ano ang unang dahilan kung bakit inani ng magsasaka ang maisan?
    a. Dahil tumubo na ang kanyang mga tanim

   b. Dahil darating na ang tagtuyot
   c. Dahil sinira ng mga manok ang kanyang pananim

13. Ito ay uri ng pambalana na mga material na bagay ang nahahawakan, nakikita, nalalasahan, naririnig, at naamoy.
    a. Basal  b. Tahas  c. Lansakan

14. Ito ay uri ng pambalana na tumutukoy sa mga konsepto na nadarama, naiisip, nagugunita, o napapangarap.
    a. Basal  b. Tahas  c. Lansakan

15. Ito ay uri ng pambalana na tumutukoy sa kalipunan ng dami ng isang bagay.
    a. Basal  b. Tahas  c. Lansakan

16. Sa pabula na "si Langgam at si Tipaklong", ano ang ginawa ni tipaklong habang maganda ang panahon?
    a. Nagpapakasaya
    b. Tinulungan si Langgam
    c. Naghahanap ng bagong tahanan

17. Sa maikling kuwento na "Ang Araw at Hangin", bakit niyaya ni Hangin si Araw sa isang paligsahan?
    a. Upang malaman kung sino ang mas malakas sa kanila
    b. Upang malaman kung sino ang higit na kailangan ng mga tao
    c. Upang malaman kung sino ang higit na makakapanira sa kalikasan

18. Ito ang wastong paghahati o paghihiwalay ng mga pantig ng salita.
    a. Baybay  b. Pantig  c. Pambalana

19. "Si Kriell____________ Ilein ay magkaparehas ng kaarawan "Ano ang salitang aangkop upang mabuo ang pangungusap?
    a. Kayo  b. Bakit  c. At

20. "Ang mga pabahay na itinayo ay ____________ sa mga taong nasalanta ng bagyo". Ano ang salitang aangkop upang mabuo ang pangungusap?
    a. Kailan  b. Para  c. Kung

# iFilipino 2 – Answer Keys for Unit 1

## I. Pagpili.

1. A. Binati nila ito ng masaya
2. C. Ito ay nakatutulong upang higit na maunawaan ang akdang binasa
3. C. Diksyunaryo
4. C. Alamat
5. B. Nabasa ng ulan ang bulak na dala niya at bumigat ito
6. A. Pantig
7. B. Maganda
8. A. Yero
9. C. Pana
10. A. Walang kasarian
11. A. Lalaki
12. A. Dahil tumubo na ang kanyang mga tanim
13. B. Tahas
14. A. Basal
15. C. Lansakan
16. A. Nagpapakasaya
17. A. Upang malaman kung sino ang mas malakas sa kanila
18. B. Pantig
19. C. At
20. B. Para